# Tupa ng Diyos



## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gawa mo na pinakaipinagmamalaki mo? Gaano katagal bago mo ito natapos?
- Nasubukan mo na bang baguhin ang bagay na nakasanayan mong gawin? Magkwento tungkol dito.
- Magbahagi ng panahon na kinailangan mong magsakripisyo para sa isang mahal mo sa buhay. Ano ang isinakripisyo mo at ano ang naramdaman mo noong ginawa mo ito?

## WORD

*Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya. Sinabi niya sa mga tao, "Narito na ang Tupa ng Diyos na ihahandog upang mag-alis ng kasalanan ng mga tao sa mundo!"* **JUAN 1:29**

(Basahin din ang **JUAN 1:30–34.**)

Ang tupa ay isa sa pinakasimbolikong sakripisyo noong panahon ng mga Israelita. Ang dugo ng tupa ang nagligtas sa kanila sa paghatol noong Pista ng Paglampas ng Anghel (*Passover*). Sa Lumang Tipan, dalawang tupa ang isinasakripisyo ng mga pari araw-araw upang makipag-usap sa Diyos at magbigay ng kabayaran sa kasalanan ng mga tao. Ngunit kahit ang mga tupang pangsakripisyo ay hindi sapat upang tubusin ang sangkatauhan mula sa kasalanan. Mabuti't si Jesus ang naging Tupa ng Diyos na isinakripisyo at kumuha ng lugar na para dapat sa atin. Ngayong araw, titingnan natin kung ano ang ibig sabihin para sa atin ng sakripisyo Niya, habang ipinapakilala natin Siya sa iba ngayong Pasko.

## 1 Si Jesus ang Tupa ng Diyos.

*Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya. Sinabi niya sa mga tao, "Narito na ang Tupa ng Diyos na ihahandog upang mag-alis ng kasalanan ng mga tao sa mundo!"* **JUAN 1:29**

Sa tradisyon ng mga Judio, gaya ng inutos ng Diyos, dapat ay walang kapintasan ang tupang pangsakripisyo. Ang tupa ang tatanggap ng dapat ibigay sa isang taong hindi sumunod sa Diyos at magiging daan para sa kapatawaran at pagkakaroon ng ugnayan sa Diyos—hanggang sa susunod na kasalanan. Ang totoo ay hindi sapat ang pagsisikap at sakripisyo ng tao para tuluyang tanggalin ang kasalanan. Tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng perpektong Tupa para sa atin, at ito mismo ang ginawa Niya. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak, si Jesus, bilang tulay ng Luma at Bagong Tipan. Namuhay si Jesus nang walang kasalanan, ganap na Diyos at ganap na tao. Paano inilarawan ni Isaias ang parating na Mesias ilang siglo bago dumating si Jesus (Isaias 53:7–8)?

## 2 Si Jesus ang nag-aalis ng kasalanan.

*Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya. Sinabi niya sa mga tao, "Narito na ang Tupa ng Diyos na ihahandog upang mag-alis ng kasalanan ng mga tao sa mundo!"* **JUAN 1:29**

Kailangang paulit-ulit na mag-alay ng tupa ang pari dahil nagkakasala ang mga tao. Nawalan ng saysay ang pag-aalay para sa kasalanan at ito ay naging isang ritwal na lamang sa halip na paraan para makapiling ang Diyos. Si Jesus, ang perpektong Tupa ng Diyos, ay naparito sa lupa para makasama tayo upang ganap na matubos ang sangkatauhan mula sa kasalanan. Nagawa Niya ito sa pamamagitan ng pagiging pangunahin at perpektong sakripisyong namatay para sa atin. Tinanggal Niya ang lahat ng ating mga kasalanan dahil hindi natin ito magagawa sa sarili nating kakayahan. Naparito Siya para tanggapin ang kamatayang dapat sana ay para sa atin.

Bakit tungkol sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo ang ebanghelyo, at hindi lamang tungkol sa Kanyang kapanganakan at buhay?

## 3 Si Jesus ang nag-aalis ng kasalanan ng mundo.

*Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya. Sinabi niya sa mga tao, "Narito na ang Tupa ng Diyos na ihahandog upang mag-alis ng kasalanan ng mga tao sa mundo!"* **JUAN 1:29**

Ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus ay hindi lamang para sa mga Judio, kundi para rin sa lahat ng naniniwala sa Kanya. Ipinapakita ng Aklat ng Pahayag kung paanong si Jesus, ang Tupa ng Diyos, ay pinatay upang sa pamamagitan ng Kanyang dugo ay matubos Niya ang mga tao (*mula sa bawat angkan, wika, lahi, at bansa*) *para sa Diyos* (Pahayag 5:9–10). Ito ay magiging isang kaluwa-luwalhating pangitain: Isang araw, ang mga tao mula sa iba't ibang kultura at pinanggalingan ay magbibigay papuri kay Jesus, ang Tupa ng Diyos na nakaupo sa trono bilang makatarungang Hukom at Hari. Sa tingin mo, paano mag-iiba ang iyong pamilya at komunidad kung maiintindihan at paniniwalaan nila ang katotohanang ito?

## APPLICATION

- Si Jesus ang perpektong sakripisyo na nag-aalis ng kasalanan ng sangkatauhan. Maaari tayong magkaroon ng ugnayan sa Diyos dahil kay Jesus, at hindi dahil sa sarili nating pagsusumikap. Paano maaapektuhan ng katotohanang ito ang ugnayan mo sa Diyos, mula ngayon?
- Ang Pasko ay madaling natatabunan ng ibang bagay bukod kay Jesus. Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo para gawing sentro ng Pasko si Jesus?
- Nagkaroon ng liwanag at buhay para sa lahat ng tao dahil sa kamatayan ni Jesus sa krus. Maglaan ng panahon ngayong linggo para ipahayag sa ibang tao ang tungkol kay Jesus—na Siya ang pinakamagandang regalong matatanggap natin ngayong Pasko.

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos dahil ibinigay Niya si Jesus bilang perpektong sakripisyo para sa ating kasalanan. Ipanalangin na ikaw ay titingin kay Jesus lamang bilang pangunahing regalo ngayong kapaskuhan at sa bawat panahon ng iyong buhay.
- Si Jesus Mismo, bilang biyaya ng Diyos, ang regalong natanggap natin nang walang kabayaran. Dahil alam mo na ang katotohanang ito, humingi sa Diyos ng tapang upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa iyong pamilya at kaibigan.
- Hingin sa Diyos na gawin kang daluyan ng Kanyang pagpapala at tagapagpalakas ng loob ng mga taong makakasalamuha mo sa mga susunod na linggo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang makapagministeryo at makapaglingkod sa iba.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Romeo Mercado

victory.org.ph